Tagalog version

Mga Puntong Dapat Tandaan para sa Mga Papasok na Manlalakbay

- Huling nai-update noong 25 Mayo 2021
- Para sa pinakabagong impormasyon, mangyaring sumangguni sa: https://www.coronavirus.gov.hk/eng/inbound-travel.html

- Lahat ng mga papasok na manlalakbay ay kinakailangang magsumite ng porma ng deklarasyon sa kalusugan.
- Ini-adjust ng Gobyerno ang mga kaayusan sa pagsakay, quarantine at pagsusuri para sa mga taong darating sa Hong Kong (kabilang na ang mga residente ng Hong Kong na bumalik sa Hong Kong) na nakumpleto ang kanilang kurso sa pagbabakuna sa COVID-19 sa ilalim ng konsepto na "vaccine bubble". Para sa mga detalye, sumangguni sa Maikling Patnubay na ito: https://www.coronavirus.gov.hk/pdf/concise_guide_vaccinated_travellers_ENG.pdf
- Para sa impormasyon ng itinalagang quarantine hotel, mangyaring sumangguni sa https://www.coronavirus.gov.hk/eng/designated-hotel.html

Nakasalalay ang mga kaayusan sa pagsakay at quarantine na nalalapat sa isang taong darating sa Hong Kong:

1. Ano ang mga lugar na tinuluyan ng taong dumating sa Hong Kong sa araw ng pagsakay sa/pagdating sa Hong Kong, o sa 21 araw bago ang araw na iyon

2. Kung ang taong darating sa Hong Kong ay ganap na nabakunahan

- Ang ika-14 na araw pagkatapos makumpleto ng isang tao ang isang kurso sa pagbabakuna sa COVID-19 ay binibilang sa pamamagitan ng pagkuha sa susunod na araw pagkatapos matanggap ng tao ang lahat ng inirekumendang (mga) dosis ng bakuna ng COVID-19 bilang ika-1 araw. Halimbawa, para sa isang taong hindi pa nahawahan ng COVID-19 dati at nakatanggap ng natirang inirekumendang dosis ng bakuna ng COVID-19 noong 10 Mayo 2021, ang “ika-1 araw” ay 11 Mayo at ang “ika-14 na araw” ay 24 Mayo. Ang taong ito ay maaaring maituring na “ganap na nabakunahan” simula sa Mayo 24.
- Para sa mga taong darating sa Hong Kong na ang mga bakuna ay ibinibigay sa labas ng Hong Kong, bukod sa mga bakunang COVID-19 na kinilala na para magamit sa Hong Kong, tinatanggap din ang iba pang mga bakuna na kasama sa listahang ito: https://www.coronavirus.gov.hk/pdf/list_of_recognised_covid19_vaccines.pdf

Para sa **pagpapareserba sa silid ng hotel**, dapat kasama sa mga nauugnay na dokumento ang mga sumusunod:

1. Pagkumpirma sa Ingles o Intsek ng pagreserba ng silid sa isang itinalagang quarantine hotel sa Hong Kong nang hindi kukulangin sa kinakailangang bilang ng mga gabi simula sa araw ng pagdating ng nauugnay na manlalakbay sa Hong Kong.

Para sa **patunay ng negatibong resulta sa isang pagsusuri sa nucleic acid para sa COVID-19** na isinasagawa sa loob ng 72 oras bago ang naka-iskedyul na oras ng pag-alis ng sasakyang panghimpapawid, dapat kasama sa mga nauugnay na dokumento ang mga sumusunod:

1. Isang Ingles o Intsik na report sa pagsusuri na inisyu ng isang laboratoryo o institusyong pangkalusugan na nagdadala ng pangalan ng nauugnay na manlalakbay na kapareho sa kanyang balidong dokumento sa paglalakbay para maipakita na:

    a. ang nauugnay na manlalakbay ay sumailalim sa isang pagsusuri na nucleic acid para sa COVID-19, ang sampol kung saan kinuha mula sa nauugnay na manlalakbay sa loob ng 72 oras bago ang naka-iskedyul na oras ng pag-alis ng tinutukoy na sasakyang panghimpapawid;

    b. ang pagsusuri na isinagawa sa sampol ay isang pagsusuri ng nucleic acid para sa COVID-19; at

    c. ang resulta ng pagsusuri ay ang nauugnay na manlalakbay ay nasuri na negatibo sa COVID-19; at

2. Kung ang nauugnay na report ay hindi sa Ingles o Intsik o hindi naglalaman ng lahat ng nabanggit na impormasyon, isang nakasulat na kumpirmasyon sa Ingles o Intsik na inisyu ng laboratoryo o institusyong pangkalusugan na nagdadala ng pangalan ng nauugnay na manlalakbay na kapareho sa kanyang balidong dokumento sa paglalakbay at inilalagay ang lahat ng impormasyon sa itaas. Ang nasabing nakasulat na kumpirmasyon ay dapat ipakita kasama ng report ng pagsusuri; at

3. Ang patunay na dokumentaryo sa Ingles o Intsik para ipakita na ang laboratoryo o institusyong pangkalusugan ay na-accredit ng ISO 15189 o kinikilala o naaprubahan ng nauugnay na awtoridad ng gobyerno ng lugar kung saan matatagpuan ang laboratoryo o institusyong pangkalusugan; at

Ang nauugnay na nabakunahang manlalakbay ay dapat magbigay ng sumusunod na dokumentaryong **patunay ng pagbabakuna**:

1. Ang talaan ng pagbabakuna sa Ingles o Intsik na inisyu ng isang institusyong pangkalusugan o isang nauugnay na awtoridad ng gobyerno ng lugar kung saan ibinigay ang bakuna, dinadala ang pangalan ng nauugnay na nabakunahan na manlalakbay na kapareho sa kanyang balidong dokumento sa paglalakbay para maipakita na:

    a. ang mga nauugnay na nabakunahan na manlalakbay ay nakatanggap ng (mga) dosis ng bakuna ng COVID-19 at ang (mga) petsa ng araw kung saan ang/mga dosis ay ibinibigay; at

    b. ang pangalan ng ibinigay na bakuna; at

2. Kung ang talaan ng pagbabakuna ay hindi sa Ingles o Intsik o hindi naglalaman ng lahat ng nabanggit na impormasyon, isang nakasulat na kumpirmasyon sa Ingles o Intsik na inisyu ng institusyong pangkalusugan o isang nauugnay na awtoridad ng gobyerno ng lugar kung saan ibinigay ang bakuna, dinadala ang pangalan ng nauugnay na nabakunahan na manlalakbay na kapareho sa kanyang balidong dokumento sa paglalakbay at inilalagay ang lahat ng impormasyon sa itaas. Ang nasabing nakasulat na kumpirmasyon ay dapat ipakita kasama ng talaan ng pagbabakuna.